

Madali

Mga Aklat ng
Estudyante

**YUNIT
2**




YUNIT 2



Madali

Mga Aklat ng Estudyante


**BERSIKULO PARA SA
PAGSASAULO**

Santiago 2:15-16 "Kung ang isang kapatid na lalake o babae ay hubad at walang kakanin araw-araw, At ang isa sa inyo ay magsabi sa kanila, Magsiyaon kayong payapa, kayo'y mangagpainit at mangagpakabusog; at gayon ma'y hindi ninyo ibinibigay sa kanila ang mga bagay na kinakailangan ng katawan; anong mapapakinabang dito?"



TAKDANG ARALIN

Pumili ng isang kamag-aral mula sa iyong paaralan o paligid na nangangailangan. Kung naaangkop, humingi ng tulong sa iyong magulang upang mabigyan siya ng prutas, cereal, o makakain-- sapat para sa kanya at sa kanyang pamilya. Magdala ng labis na pagkain sa iyong backpack upang ibahagi. Tandaan na magagawa mo ito kahit sa taong naglilinis sa iyong paaralan.



Kulayan ang Guhit





Kulayan ang Guhit



Makipag-ugnay sa isang batang lalaki o babae na problema sa iyong silid sa paaralan, o sa isang lalaking imigrante o kahit sa nasa ibang relihiyon.


Huwag hayaan ang pagtatangi na pigila ka. Batiin mo siya sa umaga o tanungin siya kung kamusta ang kanyang araw. Kung maglakas-loob ka, ibahagi ang ilan sa iyong pagkain at huwag magulat kung ang kanilang reaksyon ay negatibo. Subukan ito sa isang linggo at pagkatapos ay kausapin ang iyong guro sa Panlinggong paaralan tungkol sa kung ano ang nangyari.

TAKDANG ARALIN



BERSIKULO PARA SA PAGSASAULO

Mga Taga-Roma 12:16 "Mangagkaisa kayo ng paguisip. Huwag ninyong ilagak ang inyong paguisip sa mga bagay na kapalaluan, kundi makiayon kayo sa mga bagay na may kapakumbabaan. Huwag kayong mga pantas sa inyong sariling mga haka."


**TAKDANG
ARALIN**

Pumili ng isa sa iyong mga laruan o isang bagay na sa palagay mo ay pinahahalagahan mo ng husto (kung nais mo lang talaga gawin ito) at ibigay ito sa isang tao na walang maraming mga laruan. Kung mahirap sa iyong gawin ito sa linggong ito, subukang muli sa susunod na linggo. Matapos mo itong magawa, ibahagi sa iyong klase sa Linggo. Kamusta naman?

Kulayan ang Guhit

Marcos 8:35 "Sapagka't ang sinomang magibig ilitas ang kaniyang buhay ay mawawalan nito: at ang sinomang mawalan ng kaniyang buhay dahil sa akin at sa evangelio ay maililigtas yaon."

BERSIKULO PARA SA PAGSASAULO



Kulayan ang Guhit



TAKDANG ARALIN

-isip ng mga bagay na hiniling mo sa Diyos at natanggap mo sa linggong ito at kung sinagot Niya ang anumang hiniling mo, maaaring para sa iyong pamilya o iyong sariling buhay, maglaan ng kaunting oras upang magpasalamat sa Diyos, pagkatapos ay sabihin sa guro ang tungkol dito sa Panlinggong paaralan.

BERSIKULO PARA SA PAGSASAULO

Mga Taga-Filipos 4:6 "Huwag kayong mangabalisa sa anomang bagay; kundi sa lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng panalangin at daing na may pagpapasalamat ay ipakilala ninyo ang inyong mga kahilingan sa Dios."




05

MAGING MAPAGPAKUMBABA GAYA NI HESUS

Kwentong Biblia: Hinugasan ni Hesus ang paa ng Kanyang mga disipulo: Juan 13:3-17

TAKDANG ARALIN

Gumawa ng mga gawain sa bahay para sa isang tao sa iyong bahay o sa paaralan, nang hindi ka nila hinihilingan na tumulong sa mga gawain sa bahay. Sa paaralan, tumulong sa pagpulot ng basura mula sa isang silid na hindi mo pa nalinis.




BERSIKULO PARA SA PAGSASAULO

Mga Taga-Filipos 2:3-4 "Na huwag ninyong gawin ang anoman sa pamamagitan ng pagkakampikampi o sa pamamagitan ng pagpapalalo, kundi sa kababaan ng pagiisip, na ipalagay ng bawa't isa ang iba na lalong mabuti kay sa kaniyang sarili; 4Huwag tingnan ng bawa't isa sa inyo ang sa kaniyang sarili, kundi ang bawa't isa naman ay sa iba't iba"



Kulayan ang Guhit




Kulayan ang Guhit


BERSIKULO
PARA SA
PAGSASAULO

Mateo 23:13
 "Datapuwa't sa aba ninyo, mga eskriba at mga Fariseo, mga mapagpaimbabaw! sapagka't sinasarhan ninyo ang kaharian ng langit laban sa mga tao: sapagka't kayo'y hindi na nagsisipasok, at ang nagsisipasok man ay ayaw ninyong bayaang mangakapasok."

TAKDANG
ARALIN

Gumawa ng isang listahan ng mga bagay o tao na higit sa iyong pag-ibig sa Diyos at marahil ay nag-aalis ng iyong pag-ibig sa Diyos (kasintahan, gawain sa paaralan, cellphone, palakasan, mga laruan, mga kaibigan). Hilingin sa Diyos na turuan kang tumingin gaya ng Kanyang pagtingin. Gayundin, maglaan ng mas maraming oras upang makausap ang Diyos sa linggong ito.





BERSIKULO PARA SA PAGSASAULO


Lucas 6:27 "Datapuwa't sinasabi ko sa inyong nangakikinig, Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, gawan ninyo ng mabuti ang nangapopoot sa inyo."



Sa linggong ito kung sinaktan, niloko o pinagalitan ka nang hindi makatarungan ng isang tao, huwag makipag-away. Manatiling tahimik at manalangin para sa kanila at hilingin sa Diyos na bigyan ka ng kapayapaan. Makipag-usap sa iyong mga guro sa Panlinggong paaralan tungkol sa kung ano ang iyong naramdaman.

TAKDANG ARALIN

Kulayan ang Guhit


**BERSIKULO PARA SA
PAGSASAULO**

Isaias 53:9 " At ginawa nila ang kaniyang libingan na kasama ng mga masama, at kasama ng isang lalaking mayaman sa kaniyang kamatayan; bagaman hindi siya gumawa ng pangdadahas, o wala mang anomang karayaan sa kaniyang bibig."


Kulayan ang Guhit

**TAKDANG
ARALIN**

Kung sa linggong ito ay may nag-akusa sa iyo ng isang bagay na hindi makatarungan, huwag ipagtanggol ang iyong sarili. Hilingin sa Diyos na makita ng taong iyon na siya ay nagkamali at aminin ito. Kung hindi niya ito ginawa, hayaan ang Diyos na gawin ito sa mainam na panahon.



Kulayan ang Guhit




TAKDANG ARALIN


Makipag-usap sa iyong mga magulang o sa isang taong pinagkakatiwalaan mo tungkol sa kung ano ang iyong nararamdaman mo kung ano ang pinagdaanan ni Hesus nang siya ay ipinako sa krus at kung ano ang nararamdaman mo tungkol sa kaloob na kaligtasan na ibinigay Niya sa iyo.

BERSIKULO PARA SA PAGSASAULO

Isaias 53:5 " Nguni't siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan, ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kaniya; at sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo."



Kulayan ang Guhit




TAKDANG ARALIN

Gumawa ng isang listahan ng mga bagay na pinaniniwalaan mong matutulungan ka ng Diyos. Makipag-usap tungkol dito sa isang tao. Sa dulo ng listahan, ilagay ang teksto ng Roma 10:11, "Ganito ang sabi ng Banal na Kasulatan: Sinumang nagtitiwala sa Kanya ay hindi mabibigo kailanman".

Mga Taga-Roma 10:11 " Sapagka't sinasabi ng kasulatan, Ang lahat na sa kaniya y nagsisisampalataya ay hindi mapapahiya."

BERSIKULO PARA SA PAGSASAULO



1 1

ANG PINAKAMASAMANG ARAW AY NAGING PINAKAMAINAM KAILANMAN

Kwentong Biblia: Ang pagkabuhay na muli ni Hesus
Mateo 27:57-61, 28:1-10, Lucas 24:36-48



Kulayan ang Guhit




TAKDANG ARALIN

Habang naghahapunan, ibahagi sa iyong pamilya ang pinakamaganda mong naging karanasan sa anumang gawain ng kongregasyon. Sabihin mo sa kanila kung bakit.



BERSIKULO PARA SA PAGSASAULO


Mga Hebreo 11:1 " Ngayon, ang pananampalataya ay siyang kapanatagan sa mga bagay na hinihintay, ang katumayan ng mga bagay na hindi nakikita."



Kulayan ang Guhit


BERSIKULO PARA SA PAGSASAULO

Mga Gawa 1:8 "Datapuwa't tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating sa inyo ng Espiritu Santo: at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, at sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kahulihulihang hangganan ng lupa."



TAKDANG ARALIN

Sabihin sa klase kung paano ka naniwala kay Hesus at kung sino ang nagsabi sa iyo ng tungkol sa Kanya. At kung mangangaral ka tungkol kay Hesus, magiging pastor ka ba, ebanghelista, o gagawa ka ng iba pang tungkulin.



Kulayan ang Guhit


TAKDANG
ARALIN

Kung naalala mong nagsinungaling ka kamakailan sa isang tao, subukang makipag-ugnay sa taong iyon at humihingi ng tawad.





BERSIKULO PARA SA PAGSASAULO

Juan 3:16 " Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."





Higit pang Gawain!

Makina ng panahon



Asong Robot



Magmagandang-loob kayo sa isa't isa, mga mahabagin.



Mga Taga-Efeso 4:32 "Magmagandang-loob kayo sa isa't isa, mga mahabagin."

Time Machine 2
Easy Filipino



www.ChildrenAreImportant.com
pedidos@losninoscuentan.com
México: 01-800-839-1009 01-592-924-9041

Ang
Kabataan ay
Mahalaga